

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Lungsod ng Brampton kikilalanin ang Pambansang Araw para sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo at Orange Shirt Day Setyembre 30**

BRAMPTON, ON (Setyembre 17, 2021) – Sa linggong ito, magkaisang bumoto ang Konseho ng Lungsod ng Brampton para pormal na kilalanin ang pinaka-unang Pambansang Araw para sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo ng Canada sa Setyembre 30.

Ang lahat ng pasilidad ng Lungsod ay isasara at ang mga serbisyo ng Transit ay tatakbo sa iskedyul ng Linggo/Holiday, hinihikayat ang lahat ng empleyado at residente na sumali sa pagkakataon na magnilay-nilay, magmasid at sumali sa mga aktibidad ng Lungsod at komunidad.

### **Programa sa Pambansang Araw para sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo at Orange Shirt Day sa Brampton**

Kikilalanin ng Lungsod ang Pambansang Araw para sa Katotohanan at Araw ng Muling Pagkakasundo at ang Orange Shirt Day sa pamamagitan ng pagtaas sa watawat ng Every Child Matters mula Setyembre 27 hanggang Oktubre 1 para sa [Linggo ng Katotohanan at Muling Pagkakasundo](#). Sa Setyembre 30, ang mga watawat sa City Hall ay ibababa sa kalahati ng pole (half-mast) at magliliwanag sa kulay kahel ang Clock Tower ng City Hall.

Para makatulong na itaguyod ang patuloy na pagkatuto, gagawing available ng Lungsod ang isang website na may pinagkakatiwalaan at accessible na mga resource para sa mga empleyado at sa publiko sa [www.brampton.ca/bramptonremembers](http://www.brampton.ca/bramptonremembers).

Iniiimbahan din ng Lungsod ng Brampton ang mga pangkat ng komunidad at mga lider na isumite ang kanilang mga event sa programa sa Setyembre 30 sa [Brampton's Events Calendar](#).

### **Tungkol sa Pambansang Araw para sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo**

Noong Hunyo 2021, ipinasa ng Pamahalaan ng Canada ang Bill C-5 para itatag ang bagong pampublikong holiday sa mga employer na regulated ng pederal na tinatawag na Pambansang Araw para sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo.

Ang bagong holiday na ito ay aksyon bilang 80 mula sa 94 na tawag mula sa Truth and Reconciliation Commission ng Canada. Hinahangad ng araw na parangalan ang mga survivor ng First Nations, Inuit at Métis, ang kanilang mga pamilya at komunidad, at para matiyak na ang paggunita ng publiko ng kanilang kasaysayan at legacy ng mga residensyal na paaralan ay nananatiling isang mahalagang sangkap ng proseso ng muling pagkakasundo.

### **Mga Link**

- [Lungsod ng Brampton – Nakakaalala ang Brampton](#)

- [Lungsod ng Brampton – Kalendaryo ng mga Event](#)
- [Truth and Reconciliation Commission of Canada \(TRC\)](#)
- [Birtwal na Event ng Pamahalaan ng Canada – Markahan ang Pambansang Araw para sa Katotohanan at Araw ng Muling Pagkakasundo](#)
- [Pamahalaan ng Canada – Federal Statutory Holiday: Pambansang Araw para sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo](#)
- [Pamahalaan ng Canada – Bill C-5 \(Pambansang Araw para sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo\)](#)
- [National Centre para sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo](#)
- [Orange Shirt Day](#)

**Mga Quote**

“Habang kinikilala natin ang Pambansang Araw para sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo at ang Orange Shirt Day sa Setyembre 30, muling nag-commit ang Lungsod ng Brampton sa paggawa ng makahulugang aksyon na magpapagalaw sa atin sa mas malaking pananagutan at tungo sa pagkamit ng Katotohanan at Muling Pagkakasundo kasama ang mga Katutubong Tao at kanilang mga komunidad. Ang kagimbal-gimbal na mga natuklasan na nakita sa dating mga site ng residensyal na paaralan sa unang bahagi ng taon na ito ay nagsilbi bilang paalala sa mahalagang trabaho na naiwan nating gawin bilang isang Lungsod, isang komunidad at isang bansa. Hinihikayat ko ang lahat na makibahagi sa Lungsod at sa programang pinamumunuan ng Komunidad sa Setyembre 30 para magnilay-nilay at makaalala.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagkilala sa Pambansang Araw para sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo sa pamamagitan ng pagdiriwang sa pormal na araw bilang isang organisasyon ay isang hakbang pasulong tungo sa pagsuporta sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo Kasama ang mga Katutubong Komunidad. Committed ang ating team na tiyakin na may pagkakataon para sa mga empleyado, residente at mga miyembro ng komunidad na mag-access sa mga resource at programa para mahayaan sila na makahulugang magnilay-nilay at makibahagi sa mahalagang araw na ito.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Sa pamamagitan ng engaged na dayalogo at pagnilay-nilay sa Pambansang Araw para sa Katotohanan at Muling Pagkakasundo, maaari na tayong umabante sa pagbuo ng mga relasyon na batay sa paggalang sa isa’t isa, pagtitiwala at pagkilala sa responsibilidad ng Canada sa muling pakikipagkasundo sa mga Katutubong Tao. Bilang isang Lungsod at Komunidad, tayong lahat ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagbuo ng lipunan na mas nagmamalasakit, mas nagsasali at pantay-pantay. Hinihikayat ko ang lahat na makibahagi sa serye ng mga event at programa na inihahatid ng Lungsod bilang pagpaparangal at paggalang sa kasaysayan ng mga komunidad na Katutubo sa Canada, at maghangad ng mga oportunidad para sa pagnilay-nilay sa Setyembre 30.”

- *Michele Byrne, Manager, Equity Office, Lungsod ng Brampton*

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)